# {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), noong nagtalaga ito sa kanya sa Yemen, ay nag-utos sa kanya na kumuha ka mula sa mga baka mula sa bawat tatlumpu ng isang lalaking tabī` o isang babaing tabī`

Ayon kay Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), noong nagtalaga ito sa kanya sa Yemen, ay nag-utos sa kanya na kumuha ka mula sa mga baka mula sa bawat tatlumpu ng isang lalaking tabī` o isang babaing tabī` at mula sa bawat apatnapu ng isang musinnah; at mula sa bawat lalaking adulto ng isang dinar o katumbas nito na mu`āfir, na mga damit sa Yemen.}
[Tumpak dahil sa mga patotoo nito] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagpadala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa Yemen para magturo sa mga tao at mag-anyaya sa kanila. Kabilang sa ipinag-utos sa kanya na kumuha siya mula sa mga Muslim ng zakāh ng mga baka nila, na sa bawat tatlumpung baka ay kukuha siya ng isang lalaking guya o isang babaing guya, na nalubos sa isang taong gulang; at sa bawat apatnapung baka ay kukuha siya ng isang bakang musinnah, na nalubos sa dalawang taong gulang; na kumuha siya ng jizyah mula sa mga May Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, na para sa bawat lalaking adulto ay isang dinar o nakapapantay sa isang dinar mula sa mga damit sa Yemen, na tinatawag na mu`āfir.